REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-117

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PRANKISA AT PAHINTULOT NA MAKAPAGTAYO NG ISANG "SLAUGHTERHOUSE" ANG RUBLOU MEAT PRODUCTS AND ABATTOIR SA PUROK VI, BAYANAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

*************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Arturo S. Bunyi, MD
Kgg. Alejandro L. Martinez

*************************************************************

SAPAGKAT, alinsunod sa probisyon ng Sec. 447 (3) (vii) ng RA 7160, ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihan na magbigay ng prankisa upang makapagpanatili o makapag-opera ng bahay katayan sa bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ito ay itinatadhana rin Sec. 447 (5) (ii) ng bagong Local Government Code (RA 7160);

SAPAGKAT, ang RUBLOU Meat Products and Abattoir ay kasalukuyang nagpapatakbo ng isang bahay katayan sa Cainta, Rizal na may mataas na pamantayan at inakredita ng National Meat Inspection Commission;

SAPAGKAT, ang establisimento ring ito ay naging palagiang bahagi ng itineraryo ng mga bumibisitang meat inspectors mula sa ibang mga bayan at bansa dahil sa magandang reputasyon, mataas na kalidad at kalinisan nito;

SAPAGKAT, isa sa marubdob na layunin ng ating Punongbayan at lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ay makapang-akit ng mga mamumuhunan para magtayo ng kani-kanilang kalakalan o negosyo dito sa ating bayan;

SAPAGKAT, hindi lamang karagdagang kita ng ating kabang bayan ang idudulot nito kundi makapagbibigay rin ng mga paraan tungo sa ikabubuhay ng ating mga kababayan;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon at pagtatayo ng isa pang katayan ng hayop dito sa ating bayan ay bilang paghahanda sa lumalaking populasyon dala ng patuloy na pag-unlad ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na nagbibigay prankisa at pahintulot na makapagtayo ng isang "Slaughterhouse" ang Rublou Meat Products and Abattoir sa Purok VI, Bayanan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG HIGIT NA NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-65th regular na pulong na ginanap ngayong ika-29 ng Nobyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

(Di Sang-ayon)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE E. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



(Absent)
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

DI PINAGTIBAY

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan